**Chapter 3: The Greek City-States**
**Chapter 4: Greek Culture**
**Perry et al, A History of the World**
Takdang-aralin/Seatwork

Instruksyon: Sagutin ito sa kuwaderno. Gamiting sanggunian ang Chapters 3-4 ng ating textbook. Basahin din ang mga Introduction at Summary.

---

## A. Heograpiya

1. Gumuhit o mag-print-out ng mapa ng Sinaunang Gresya. Ipakita ang mga sumusunod na tubig at kalupaan:

   a. Athens
   b. Sparta
   c. Peloponnesus
   d. Crete
   e. Aegean Sea
   F. Mediterranean Sea
   g. Ionian Sea
   h. Persian Empire
   i. Macedonia
   j. Hellespont [kipot/strait]
   k. Sea of Marmara
   l. Bosporus [kipot/strait]
   m. Black Sea

2.. Hanapan ng kaugnayan ang heograpiya sa kasaysayan:

   a. Ano ang kaugnayan ng heograpiya sa pagbuo ng mga hiwa-hiwalay na lunsod-estado sa Sinaunang Gresya? Magbigay ng di-kukulangin sa dalawang katangian ng heograpiya nito.
   b. Aling mga dagat ang pinag-ugnay ng Hellespont at ng Bosporus? Bakit naging mahalaga ang mga kipot na ito sa kalakalang Griyego?

---

## B. Timeline

1. Gumuhit ng timeline na nagpapakita ng mga panahong saklaw ng mga sumusunod:

   a. Minoan civilization
   b. Mycenaean civilization
   c. Hellenic Age
   d. Persian Wars
   e. Golden Age of Athens
   f. Pelopponesian War
   g. Macedonians conquer Greece
   h. Alexander builds his empire
   i. Hellenistic Age

2. Isulat ang matingkad na katangian ng bawat panahon.

3. Paanong natustusan (nasuportahan) ang "Golden Age of Athens?"

4. Sa aling digmaan napag-isa ang mga polis ng Gresya? Bakit?

5. Alin namang digmaan ang nagpahina sa kapangyarihan ng Gresya? Paano?

6. Paano at bakit nagkaiba ang pananaw noong Hellenic sa Hellenistic Age?

**D. Primary Source**

1. Basahin ang **Pericles' Funeral Oration**.
   a. Ano ang naging batayan ng mga Athenian sa paglalagay ng mga tao sa mga posisyong pampubliko?
   b. Ano ang kanilang pagturing sa mga mamamayan na walang interes sa pulitika?

---

**E. Pagbibigay-halaga sa ilang pamana ng Gresya**

1. Isalarawan ang konsepto ng demokrasya ng Athens noong panahon ni Pericles.
   a. Bakit ito tinuturing na mas maunlad kaysa sa mga sistemang pampulitika ng Ehipto at Mesopotamia?
   b. Gayumpaman, ano ang mga naging limitasyon nito (mula sa pananaw ng kasalukuyang panahon)?
   c. Ano ang ibig sabihin ng tuwirang representasyon (direct representation) sa pamahalaan? Bakit naging possible ang pagpapairal nito sa Athens?

2. Ipaghambing ang konsepto ng edukasyon sa Sparta at Athens. Alin, sa iyong pananaw, ang higit na mahusay? Bakit?

3. Bakit ginanap ang mga Olympic games? Magmula saan ang mga manlalaro na lumahok dito?

4. Alamin at isulat ang kaugnayan ng mga sumusunod na pangalan at salita:

   - Draco's code at Draconian laws
   - Solon (594 BC) at solon
   - Pisistratus at tyrant
   - ostrakon at ostracism
   - karunungan (wisdom) at pilosopiya (philosophy)

5. Ilang kaisipan ng ilan sa mga pilosopo:

   - Socrates
     a) "The unexamined life is not worth living."
     b) "A man of worth cares only about *acting justly or unjustly*."

   - Plato
     a) Sa *Republic* ni Plato, ano ang bukod-tanging solusyon sa mga problema ng lipunan?
     b) "Every soul . . . is ordained (commanded) to wander between incarnations in the region between the moon and the Earth . . ."

   - Aristotle
     Ayon kay Aristotle, sa pag-aaral ng siyensya, kalian lamang dapat tanggapin ang isang teorya?

---

Plato. *Euthyhro in A Guided Tour of Five Works of Plato* (Mountain View, CA: Mayfield Pub., 1988).
[taken from Goldberg, Bruce. *Peaceful Transition: The Art of Conscious Dying and the Liberation of the Soul.* Minnesota: Llewellyn Publications, 1997.]